ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVI Blg. 17
Disyembre 21, 2015
www.philippinerevolution.net

## Tigil-putukan, idineklara ng PKP

IDINEKLARA ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 15 ang 12-araw na unilateral na tigil-putukan para sa panahon ng Kapaskuhan.

Sa rekomendasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang tigil-putukan ay magsisimula nang alas 12:01 ng madaling-araw sa Disyembre 23 at magtatapos sa 11:59 ng gabi sa Enero 3, 2016. Ipatutupad ito ng lahat ng kumand at yunit ng Bagong Hukbong Bayan, mula sa mga regular na pwersa hanggang sa mga milisyang bayan.

Ayon sa PKP, ang tigil-putukan ay idineklara bilang pakikiisa sa mamamayang Pilipino sa kanilang tradisyunal na pagdiriwang ng Pasko at Bagong Taon. Magbibigay din ito ng pagkakataon sa mga rebolusyonaryong pwersa na magdaos ng mga pagtitipon para ipagdiwang ang ika-47 anibersaryo ng PKP at mga rebolusyonaryong tagumpay sa nakaraang taon.

Ayon sa PKP, ang pagtatakda ng tigil-putukan ay sumusuporta "sa mga pagsisikap ng mga tagapagtaguyod ng kapayapaan na muling makausad ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas at NDFP batay sa The Hague Joint Declaration, sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL). Nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, kabilang ang 17 konsultant ng NDFP batay sa

"Tigil-putukan...," sundan sa pahina 2

Editoryal

# Paigtingin ang mga pakikibakang masa sa gitna ng eleksyon

Isasagawa ng naghaharing sistemang pampulitika sa Mayo 2016 ang proseso ng pagpili sa susunod na mamumuno sa papet na rehimen. Malayo pa man ito, malakas na ingay na ang nililikha ng mga kandidatong presidente sa tangkang agawin ang pansin at akitin ang boto ng mamamayan.

Limang pulitiko ang tumatakbo bilang kandidato sa pagka-presidente. Isa sa kanila ang mamumuno sa reaksyunaryong estado sa 2016-2022. Pawang kinakatawan ng mga ito ang interes ng mga naghaharing uri na palawigin at patatagin ang kasalukuyang naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal. Tulad sa nakaraang mga eleksyong pampresidente, walang alinman sa kanila ang sinusuportahan o ineendorso ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP).

Sa kabilang panig, batid ng PKP na ang mga kandidatong ito ay may kani-kanyang partikularidad at mga usaping pinatatampok sa hangaring umakit ng boto. Dapat samantalahin ito ng sambayanang Pilipino para hamunin ang mga pulitikong ito na suportahan ang demokratikong mga pakikibaka ng masa habang inilalantad at binabatikos ang pinapaburan nilang mga patakarang maka-imperyalista, maka-asendero, makakomprador at pasista.

Gaganapin ang eleksyong 2016 sa gitna ng nagpapatuloy na pakikibaka ng sambayanang Pilipino para wakasan ang rehimeng US-

"Paigtingin...," sundan sa pahina 2



"Tigil-putukan...," mula pahina 1

CARHRIHL at sa JASIG.

Lahat ng yunit ng BHB, pati ang milisya nito, ay hindi sasalakay sa mga armadong yunit ng AFP, PNP at iba pang paramilitar. Ang mga tauhan ng AFP at PNP na walang mabigat na kasalanan maliban sa kanilang pagiging sundalo o pulis ay hindi aatakehin o paparusahan, at papayagang pumasok sa mga teritoryo ng demokratikong gubyerno kung bibisita sa mga kamag-anak o kaibigan.

Gayunpaman, patuloy na magmamatyag ang mga yunit ng hukbong bayan laban sa mga mapanlabang aksyon o pagpasok ng mga armadong pwersa ng gubyerno sa teritoryo ng demokratikong gubyerno, kabilang ang mga operasyong tinaguriang p*eace and development, civil-military* o *peace and order*. Maglulunsad ng mga operasyon sa aktibong depensa kung maharap sa malinaw na banta o aktwal na armadong pagsalakay ng kaaway.

Noong Disyembre 18, nagdeklara rin ng unilateral na tigil-putukan ang rehimeng Aquino bilang pantapat sa deklarasyon ng PKP. Gayunpaman, magtutuluy-tuloy ang mga operasyon ng Philippine National Police. Parehong mga petsa ang sinaklaw ng tigil-putukan ng rehimen. AB

"Paigtingin...," mula pahina 1

Aquino at labanan ang tangka ng naghaharing pangkatin na palawigin ang hawak nito sa poder.

Dapat samantalahin ang panahon ng eleksyon at girian ng magkakaribal na pangkatin upang puspusang ilantad, batikusin at labanan para patalsikin at papanagutin si Aquino at mga kasapakat niya sa korapsyon, pandarambong at mga paglabag sa karapatang-tao.

Bilang kandidato ni Aquino, si Mar Roxas ay labis na kinamumuhian ng sambayanan. Dapat siyang ilantad, labanan at ubos-kayang hadlangang makaupo sa poder. Kaalinsabay nito, dapat hamunin ang lahat ng ibang kandidatong pampresidente na malinaw na manindigan para panagutin si Aquino sa kanyang mga krimen sa bayan.

Sa hangaring makuha ang suporta ng malawak na mamamayan, nagbubukas ang mga kandidatong pulitiko sa pakikipagtulungan sa mga pambansa-demokratikong pwersa. May nabuo nang iba't ibang anyo ng pormal at di pormal na pakikipag-alyansa at pakikipagtulungan ang mga progresibong partido at koalisyon sa ilang mga pulitikong kandidato. Pabor sa interes ng sambayanang Pilipino na pinalalakas nila ang ugnayan sa lahat ng mga pulitikong bukas makipagtulungan para itaguyod ang mga demokratiko at patriyotikong interes ng bayan.

Gayunpaman, hindi nagpapatali ang mga demokratikong organisasyong masa sa alinmang pulitikong kandidato na nakikitungo at nakikipagtulungan sa kanila. Aktibo silang kumikilos nang independyente at may sariling inisyatiba, tumatayo sa pundasyon ng pambansa-demokratikong programa upang sukatin at timbangin, husgahan, makiisa at punahin ang mga programa sa paggugubyerno ng mga pulitikong ito.

Sa gitna ng pag-iingay at agaw-pansing mga palabas ng mga pulitiko, dapat mas malakas ang sigaw ng sambayanang Pilipino upang maituon ang atensyon sa kanilang mga saligang suliranin, hamunin ang mga kandidato at ilantad ang darating na eleksyon bilang paligsahan ng mga naghaharing uri.

Dapat paalingawngawin ng sambayanang Pilipino ang sigaw para sa tunay na pambansang kalayaan at katarungang panlipunan. Sa panahon ng eleksyon, dapat nilang puspusang isulong ang kanilang mga demokratikong pakikibaka.

Dapat nilang hamunin ang mga kandidato na makipagkaisa sa panawagang ibasura ang Visiting Forces Agreement at ang Enhanced Defense Cooperation Agreement at wakasan ang paglalabas-masok ng mga barko at eroplanong pandigma, ang permanenteng presensya ng mga tropang Amerikano at pakikialam nito sa lokal na digmang sibil.

Dapat dalhin ng mga pambansa-demokratikong pwersa sa sentro ng pambansang entablado at debateng pulitikal ang laganap na kahirapan at pagsasamantala sa kanayunan, ang malawakang pang-

ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 17 | Disyembre 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Paigtingin ang pakikibakang masa sa gitna ng eleksyon | 1 |
| PKP, nagdeklara ng tigil-putukan | 1 |
| PAF, inatake sa Batangas | 3 |
| Protesta sa Araw ng Karapatang-tao | 4 |
| Mga paglabag sa karapatang-tao | 5 |
| Mga Mangyan, kontra-NGP | 6 |
| NGP: Huwad na programa | 7 |
| Buhos-pondo para sa 4Ps | 7 |
| Mga krimen ng US sa Syria | 8 |
| Rali laban sa WTO, inilunsad | 9 |
| Protesta sa Muntinlupa | 9 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

aagaw ng lupa, ang pagpasok ng mga dayuhang kumpanyang agribisnes at pagmimina at ang pagtutulak ng komersyal na pagtatanim na pang-eksport. Dapat igiit ng masang magsasaka ang kanilang sigaw para sa tunay na reporma sa lupa.

Dapat ilagay sa sentro ng pambansang atensyon ang tampok na problema ng malawakang disempleyo, labis na kakulangan ng sahod, ang laganap na mapang-aping sistema ng kontraktwalisasyon at mga pag-atake sa karapatan ng mga manggagawa sa pag-uunyon. Dapat igiit ng masang manggagawa ang pagbabalik at pagtataas ng pambansang minimum na sahod at pagwawakas sa iba't ibang anyo ng kontraktwalisasyon.

Dapat igiit ng sambayanan ang pagwawakas sa atrasado, agraryo at di-industriyal na katayuan ng ekonomya na nakatuon sa produksyong pang-eksport at nakasalalay sa dayuhang kapital at pangungutang. Dapat nilang punahin ang mga kandidatong nagsusulong ng mga patakarang neoliberal, anti-industriyalisasyon at pumapabor sa malalaking dayuhang kumpanya.

Dapat nilang tuligsain ang mga nagsusulong ng programang 4Ps (Pantawid Pamilyang Pilipino Program) na ipinantatabing sa patakaran ng pagkaltas sa pampublikong subsidyo sa edukasyon, kalusugan at iba pang serbisyong panlipunan para sa lahat. Dapat nilang ipanawagan sa mga pulitikong kandidato na suportahan ang isang komprehensibong programa sa ekonomya na nakatuon sa libreng pamamahagi ng lupa sa kanayunan sa mga magsasaka at pambansang industriyalisasyon.

Dapat tuluy-tuloy na isulong ng mamamayang Pilipino ang mga pakikibakang masa para ipaglaban ang kanilang interes at kapakanan. Dapat tuluy-tuloy na buuin, palawakin at konsolidahin ang kanilang mga organisasyong masa at isagawa ang edukasyon upang ilantad ang eleksyon at ilinaw ang pangangailangan para sa rebolusyonaryong pakikibaka upang isulong ang pambansa at panlipunang paglaya. AB

# Kampo ng PAF, hinaras sa Batangas

Isang sundalo ng Philippine Air Force (PAF) ang patay habang apat na iba pa ang sugatan nang harasin ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan-Batangas (Eduardo Dagli Command) ang kampo ng 730th Combat Group sa Barangay Calayo, Nasugbu, Batangas noong Disyembre 19.

Ang nasabing yunit na nasa ilalim ng 733rd Squadron ay nagsisilbing gwardya sa Hacienda Looc "para gipitin at takutin ang mga magsasakang nakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa," ayon kay Apolinario Matienza, tagapagsalita ng BHB-Batangas.

Ang Hacienda Looc, na sumasaklaw sa limang barangay, kabilang ang Barangay Calayo, ay pag-aari ng SM Development Corporation ni Henry Sy.

Samantala, walong sundalo ang napatay sa isang labanan sa pagitan ng isang platun ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command) at umaatakeng mga tropa ng 9th IB noong Disyembre 10, bandang alas-12 ng tanghali, sa isla ng Ticao, Masbate.

Nagpapahinga ang mga Pulang mandirigma sa Sityo Palopino, Barangay Bartolabac, bayan ng San Jacinto nang salakayin sila ng isang platun ng 9th IB na naglulunsad ng mga operasyong Peace and Development Team Operation (PDT) sa lugar. Mabilis na nakadepensa ang mga kasama gamit ang *command-detonated explosive.*

Namartir ang isang Pulang mandirigma, si "Ka Cyrus," nang makasagupa ng BHB ang isa pang platun ng 9th IB habang umaatras. Dalawang sibilyang menor-de-edad ang nasugatan dahil sa tama ng *shrapnel* mula sa mga M203 ng militar.

Noong Nobyembre 29 naman, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang pinagsanib na pwersa ng 9th IB at PNP Regional Public Safety Battalion sa Barangay Mabiton, Claveria sa isla ng Burias. Dalawang sundalo ang napatay habang isa pa ang namatay sa ospital dulot ng malulubhang sugat.

Patuloy na naglulunsad ng mga operasyong PDT ang Philippine Army sa Masbate para supilin ang paglaban ng mamamayan sa mapanirang pagmimina ng ginto ng dayuhang kumpanyang Filminera Resources Corporation at mga lokal na negosyong burgesya kumprador.

Dalawang magkasunod na bigwas naman ang tinamo ng 4th IB sa Mindoro. Noong Oktubre 31, pito ang napatay at maraming iba pa ang nasugatan sa operasyong haras na inilunsad ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Lucio de Guzman Command laban sa mga tropa ng Bravo Company sa Sityo Lucban, Barangay Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Sa Occidental Mindoro naman, naglunsad ng operasyong isnayp ang mga Pulang mandirigma laban sa nag-ooperasyong tropa ng Alpha Company sa Sityo Dayaga, Barangay Batasan, San Jose noong Oktubre 25. Napatay si 1Lt. Mike Nollora, kumander ng kumpanya at tumatayong kumander ng batalyon ng *civil military operations* ng 4th IB.

Sa Palawan, pinasabugan ng mga Pulang mandirima ng Bienvenido Valleber Command ang isang sasakyang lulan ang mga elemento ng Public Safety Maneuver Company ng PNP sa Barangay Tarusan, Bataraza noong Nobyembre 11. Tatlong pulis ang malubhang nasugatan. AB

# Mga kilos protesta sa Araw ng Karapatang-tao

Ginunita ng mga progresibong grupo ang ika-67 Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10 sa pamamagitan ng paglulunsad ng iba't ibang mga kilos protesta sa buong kapuluan.

Sa Maynila, libu-libo ang nagmartsa tungong Mendiola para papanagutin ang rehimeng US-Aquino sa mga paglabag nito sa karapatang-tao. Kabilang sa mga krimen nito ang 304 na kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagpapalikas ng libu-libong mamamayan, laluna ng mga Lumad. Sinunog ng mga demonstrador ang isang *effigy* ni Aquino na nakapaloob sa selda bilang simbolo ng kanilang panawagan na ikulong si Aquino sa kanyang mga krimen.

Kinundena ng grupong Samahan ng mga Ex-detainees Laban sa Detensyon at Aresto (SELDA) ang patuloy na pagbibimbin sa mahigit 400 bilanggong pulitikal na sinampahan ng mga gawa-gawang kaso. Mahigit dalawang linggo nang nag-*hunger strike* ang mga bilanggong pulitikal, kabilang ang 17 konsultant ng National Democratic Front of the Philippines sa usapang pangkapayapaan. Sa Cagayan de Oro City at iba pang lugar, naglunsad din ng *hunger strike* ang mga myembro ng SELDA kasama ang mga bilanggong pulitikal.

Kinundena naman ng grupong Bahaghari ang pang-aapi ng rehimen sa mga Lesbian, Gay, Bisexual and Transgender (LGBT), laluna sa kabiguan nitong magpataw ng karampatang parusa kay Lance Cpl. Joseph Scott Pemberton na nahatulang nagkasala sa pagpatay kay Jennifer Laude.


Mahigit 5,000 katao ang naglunsad ng dalawang araw na *caravan* sa Davao City at nagpiket sa harap ng kampo ng Eastern Mindanao Command sa Barangay Panacan. Mahigit 3,000 naman ang nagmartsa mula Pelaez Sports Center tungong Capitol Grounds sa Cagayan de Oro.

Sa Tuguegarao, inilunsad ng Cagayan Alliance of Human Rights Advocates ang ikalawang pangkalahatang asembliya nito. Nanumpa ang mahigit 100 tagapagtanggol ng karapatang-tao na patuloy nilang itataguyod ang karapatan ng mamamayan sa lupa, buhay at serbisyong panlipunan sa kabila ng malawakang pampulitikang panunupil at pang-aabuso sa karapatang-tao. Matapos ang aktibidad, naglunsad ang mga kalahok ng isang *torch rally* sa plasa.

Sa Bacolod, 3,000 ang nagmartsa sa pangunguna ng lokal na upisina ng Karapatan. Inilunsad ang katulad na mga rali sa Baguio, Naga, Butuan at iba pang syudad.

**Patuloy na paglalakbay ng Lumad**

Tumungo sa Cebu City ang mga kinatawan ng mga Lumad sa Mindanao nitong Disyembre. Binisita ng mga Lumad ang mga unibersidad ng syudad para ipaalam sa mga estudyante ang kanilang pagtatanggol sa lupaing ninuno at karapatan sa pagpapasya-sa-sarili laban sa patakaran ng estado na magsagawa ng malawakang militarisasyon sa mga komunidad at pamamaslang. Noong Disyembre 10, naglunsad ng rali ang mga Lumad sa loob ng University of the Philippines-Cebu.



Sa Butuan, naglunsad ng pagpupulong noong Disyembre 10 ang mga datu ng mga tribung Manobo, Mamanwa at Banwaon sa buong rehiyon ng Caraga para kundenahin ang masaker sa Lianga, Surigao del Sur at ang panibagong mga kaso ng sapilitang pagpapalikas sa Agusan del Norte, Surigao del Norte at iba pang mga lugar. Iginiit nila sa rehimen ang agarang pag-atras ng mga tropang militar sa mga komunidad ng Lumad, na siyang dahilan na hindi pa nakauuwi hanggang ngayon ang mga bakwit sa Tandag, Davao at iba pang mga lugar.

**Gera laban sa Bangsamoro**

Samantala, ginunita rin ng mamamayang Moro ang Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Ayon sa grupong Suara Bangsamoro, 32 nang sibilyang Moro ang pinatay sa ilalim ng panunungkulan ni Aquino habang mahigit 180 bilanggong pulitikal ang kasalukuyang nakabimbin sa Camp Bagong Diwa sa Taguig kahit ibinasura na ng Department of Justice ang mga kaso laban sa kanila. Kinundena ng grupo ang patuloy na gera ng estado laban sa mga Moro, laluna matapos ang labanan sa Mamasapano.

Ani Jerome Succor Aba, tagapagsalita ng Suara Bangsamoro, "Hinahayaan [ni Aquino] na magpatuloy ang militarisasyon sa kanayunan habang dinarambong ng mga dayuhang korporasyon ang aming mga lupain."

Sa Maguindanao, nagprotesta ang Suara Bangsamoro at iba pang organisasyon sa harap ng kampo ng 6th ID sa Datu Odin Sinsuat noong Disyembre 10. AB


# Paglabag sa karapatang-tao sa Cavite, lumalaganap

LIMA ang naging biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa Cavite sa loob lamang ng isang linggo noong Nobyembre. Isa ang biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay habang ang apat ay biktima ng iligal na pang-aaresto at tortyur.

Binaril nang malapitan ng dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo si Rico Asim noong Nobyembre 27, alas-7 ng gabi, sa tapat mismo ng kanyang bahay sa Long Beach, Barangay San Rafael IV, Noveleta, Cavite. Tinamaan siya sa pagitan ng mga mata, na sanhi ng kanyang pagkamatay. Si Asim ay coordinator ng Bayan Muna-Noveleta at Pangalawang Tagapangulo ng Long Beach Neighborhood Association (LBNA) na nanguna sa pagkilos ng mga residente laban sa pangangamkam ng lupa ng Global Training Systems Phil. Inc. sa ngalan ng Dalahican Agro-marine Corporation.

Noong umaga bago nito, humarap sa gawa-gawang kaso sa husgado ng Imus si Asim at ang iba pang lider ng LBNA. Kasamang sinampahan ng kaso sina Malou Samartino, tagapangulo ng Gabriela-Noveleta, at Antonio Lelis.

Sa katabing bayan, Nobyembre 23, bandang alas 12:30 ng madaling araw, iligal na inaresto at tinortyur ng mga elemento ng Philippine National Police (PNP) ang apat na sibilyan sa Manggahan, General Trias. Sina Jose Nayve, Armando Matres, George Bruce at Rommel Nuñez ay nasa peryahan sa Barangay Manggahan nang hiwa-hiwalay silang damputin ng mga pulis sa bintang na sila ang nagpasabog sa pasilidad ng telekomunikasyon sa Barangay Javalera ng bayan ding ito.



Si Nayve ay *provincial coordinator* ng grupong PISTON. Pinagsisipa siya habang pilit na isinasakay sa mobil ng pulis. Si Bruce, tsuper ng isang pampasaherong *van*, ay pinadapa sa lupa, ginapos ang kamay at binugbog, gayundin sina Nuñez at Matres bago sila dalhin sa istasyon ng pulis sa Manggahan. Doon ay tinortyur sila ng mga nakauniporme at nakasibilyang pulis.

Sina Nayve at Bruce ay kinuryente habang iniinteroga, at binalot ng tela at plastic ang ulo para hindi makahinga. Sa loob ng apat na araw ay inilipat-lipat sila sa apat na kulungan hanggang sa pinirme sa BJMP Malabon sa General Trias kung saan muli silang ininteroga at tinortyur. Pinagkaitan din sila ng abugado habang iniinteroga, hanggang sa sinampahan sila ng kasong *illegal possession of firearms and explosives.*

### Panimulang tagumpay ng mga Lumad

Isang panimulang tagumpay ang nakamit ng mga Lumad sa kanilang pakikibaka laban sa militarisasyon sa kanilang lupaing ninuno. Mahigit 130 bakwit na Lumad ang umuwi na noong Disyembre 14 sa Side 4, Barangay Mangayon, Compostela matapos mabalitaang lumisan na ang Philippine Army sa kanilang komunidad.

Mahigit dalawang linggong nakisilong ang mga bakwit sa gym ng Barangay Matina Crossing mula nang magkampo sa kanilang purok ang mga elemento ng 66th IB sa ilalim ng isang Lt. Danjo Lagula. Humimpil ang mga sundalo may 50 metro mula sa Salugpungan Learning Center, isang eskwelahang Lumad na pinagbibintangan ng rehimen na pinatatakbo ng BHB.

Ayon kay Bello Tindasan, tagapangulo ng Compostela Farmers Association, ang mga sundalo ay ginagamit ng Agusan Petroleum and Mineral Corporation (Agpet) upang iharas at takutin ang mga mamamayang tumututol sa pagpasok ng nasabing korporasyon sa pagmimina sa kanilang lupaing ninuno. Kaya umaasa silang magbabalik pa rin ang militar dahil hindi umaatras ang Agpet sa balak nitong pagmimina.

Sa kasabay na pangyayari, 120 Manobong bakwit sa Bukidnon ang nagsimula nang umuwi noong Disyembre 13 sa kanilang tahanan dahil sa pag-alis ng sundalo sa kanilang komunidad. Ayon kay Jimboy Mandaguit, lider ng organisasyong Lumad na Kasilo, ang kanilang paguwi ay isang maliit na tagumpay ng mahigit limang buwang pagbakwit at pagprotesta sa syudad.

"Wala kaming ilusyon na nagbago na ang militar. Alam naming babalik sila at muling gagawa ng karahasan," aniya. "Hindi namin kinakalimutang libu-libo pa ang bakwit sa Mindanao. Habang hindi pa umaalis ang militar sa ibang komunidad na Lumad, magpapatuloy kaming mga Lumad sa pagpuprotesta laban sa kanila," dagdag pa niya.

Nananatiling bakwit sa UCCP Compound sa Haran, Davao City ang mahigit 600 Manobo mula Talaingod at Kapalong samantalang humigit kumulang 3,000 Manobo ang nananatili sa Tandag City Sports Complex, Surigao del Sur dahil sa pandarahas ng mga paramilitar na Magahat-Bagani sa kanilang komunidad.

Samantala, nanawagan sa gubyernong Aquino noong Disyembre 8 si Ola Almgren, United Nations Resident Coordinator sa Pilipinas, na patigilin ang pamamaslang at panggigipit sa mga Lumad at papanagutin ang mga maysala. Sa isang talakayan sa Malacanang, ipinanawagan ni Almgren ang muling pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gubyerno at NDFP, ang pagdidisarma ng lahat ng lokal na armadong grupo, at pagbibigay ng proteksyon sa mga sibilyan ayon sa internasyunal na makataong batas. AB

# Mga Mindoreño, kontra sa National Greening Program

Sa pamamagitan ng National Democratic Front (NDF)-Mindoro, nagkakaisa ang katutubong Mangyan, mga maralitang magsasaka at mga setler sa isla ng Mindoro sa paglaban sa National Greening Program (NGP) ng Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Ang engrandeng programang ito sa pagtatanim ng mga punongkahoy ay naglalayon umanong bawasan ang kahirapan, tiyakin ang kaseguruhan sa pagkain, pangalagaan at bigyang-proteksyon ang *biodiversity* (pag-iral ng magkakaibang hayop at mga halaman), at sawatain ang *climate change.* Pero para sa mga katutubo at masang magsasaka, ang programang ito ay isang malaking iskema ng pangangamkam ng lupa.

Pinagtibay ni Aquino noong Pebrero 2011 ang NGP at naglaan dito ng P7.2 bilyon mula sa pampublikong pondo. Tinarget ng NGP na makapagtanim ng 1.5 bilyong punongkahoy sa saklaw na 1.5 milyong ektarya hanggang 2016. Saklaw nito ang mula 100 hanggang 1000 ektarya ng mga deklaradong pampublikong lupa.


Malinaw sa mamamayan ng Mindoro na walang idudulot ang programa kundi lalong paglala ng kawalan ng lupa at iba pang tipo ng pang-aapi. Umaabot sa mahigit 37,300 ektarya ang ipinaloob sa programa noong 2014, at binalak pa ng DENR na saklawin ang karagdagang 6,500 ngayong taon.

Ipinailalim ang mga ito sa mga kontrata sa pagtatanim ng komersyal na mga puno. Sa kalakhan, mga lokal na pulitikong mula sa uring panginoong maylupa, o kaya'y ang kanilang mga kasosyo sa negosyo ng pagtatanim ang nabibigyan ng mga kontrata.

Ang walang pakundangang pagbebenta ng mga pampublikong lupa gamit ang mga kontrata ng NGP ay nagkakait sa mga maralitang magsasaka sa kanilang karapatan sa lupang prontera na matagal na nilang pinusisyunan at pinayaman. Gayundin, nilalapastangan nito ang karapatan ng mga Mangyan sa kanilang lupaing ninuno. Dahil dito, nanganganib na lalong tumindi ang kagutuman ng mamamayan ng Mindoro dahil sa pagpapalit-gamit ng lupa. Sa halip na ituon sa produksyon ng pagkain para sa lokal na konsumo, gagamitin ang lupa para pagtamnan ng mga pananim na pang-eksport.

Ayon kay Ka Maria Patricia Andal, tagapagsalita ng NDF-Mindoro, sari-saring pakana ang ipinatutupad ng NGP para saklawin ang libu-libong ektarya sa gitna ng pagtutol ng mga katutubo at setler.

Para makamit ang target na lawak ng tatamnan, pinipilit ng DENR ang mga katutubo at mga magsasaka na ipailalim ang kanilang mga lupain sa NGP. Gamit sa pamimilit ang mga tiwaling upisyal ng barangay, ilang nakorap na lider ng mga katutubo, at mga kontratista sa pagpapatanim. Sinasamantala ng NGP ang paghihikahos ng mamamayan para ipatanggap ang kakarampot na kita sa pagtatanim at pangangalaga ng mga komersyal na puno.




Gumagawa rin ang DENR ng mga huwad na organisasyon para may mairehistrong "katuwang" na kinakailangan ng NGP sa pagpapatanim. Resulta nito, naipapaloob sa programa ang lupain ng mga magsasaka't katutubo nang hindi nila nalalaman. Binubulid din sila sa mga di-makatarungang patakaran hinggil sa pangangalaga ng mga pananim. Pinakamasahol ang pagkawala ng kanilang karapatang magpasya sa lupa kapag lumaki na ang mga punongkahoy.

Nararapat na labanan ang kontra-mamamayang NGP ng rehimeng Aquino. Sa Mindoro at sa iba pang prubinsyang sinasaklaw ng NGP, mapatitigil ng kilusang masa ang pagpasok ng NGP sa mga baryo at prontera. Maigigiit din nito na ibigay sa mga magsasaka't katutubo ang makatarungang bayad sa kanilang mga trabaho, at ikampanya ang mababang presyo ng mga bilihin. Dapat ding pwersahin ang naghaharing gubyerno na gampanan nito ang tungkuling magbigay ng sapat at maayos na serbisyo publiko, sa halip na ihapag ang mga pag-aari ng estado sa panggagananasya ng pribadong negosyo.

Ang paglaban sa NGP ay paglaban sa pangangamkam at pag-agaw ng lupa at ng lupaing ninuno. Epektibo itong malalabanan sa balangkas ng pagsusulong ng mga pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at pakikibaka ng mga katutubong mamamayan para sa pagpapasya-sa-sarili.

Sa Mindoro at buong bansa, isinasakatuparan ng rebolusyonaryong kilusan ang programa para sa rebolusyong agraryo na kinabibilangan ng minimum at maksimum na programa sa reporma sa lupa. Isinusulong ito kaakibat ng pagpupundar ng demokratikong gubyernong bayan sa batayan ng antas-antas na pagtatayo ng mga organisasyong masa at mga organo ng kapangyarihang pampulitika. AB

## NGP: Huwad na programang pangkalikasan

HUNGKAG at bulok ang National Greening Program (NGP). Kasinungalingan ang sinasabi nitong layuning ipanumbalik diumano ang mga kagubatan bilang pagsawata sa *climate change.*


Ang NGP ay programa para sa pagtatanim ng komersyal na punongkahoy katulad ng mahogany at gmelina, pati na para sa mga pambentang produkto tulad ng kape, kakaw at kawayan na pinagkakakitaan ng mga kontratista.

Hindi ito muling pagbuhay sa kagubatan. Ayon sa mga pandaigdigang pamantayan, hindi maituturing na gubat ang mga parke o mga lupang tinatamnan ng bungang-kahoy o mga komersyal na punongkahoy. Ang mga gubat ay yaon lamang lupaing di bababa sa kalahating ektarya na may sari-saring punongkahoy na may minimum na taas na limang metro at masinsing kapal ng dahon na humaharang sa 90% ng sinag ng araw.

Hindi nakapagpapayabong ang NGP ng *biodiversity.* Ang ipinatatanim nitong gmelina at mahogany ay hindi pinamumugaran ng ilang tipo ng ibon, at halos walang halamang nabubuhay sa ilalim ng mga ito. Hindi rin ito matibay sa pagharap sa mga peste at bagyo. Hindi rin ito tulad ng mga kagubatan na natural na pumipigil sa mga baha at iba pang sakuna.

Dahil kaagad ding pinuputol matapos ang ilang taon, sinisira rin ang kakayahan ng mga gubat na mag-imbak ng karbon (na kapag nakatakas sa atmospera ay nagpapataas sa temperatura ng mundo).

Malaon nang nalantad ang pagpopostura ng rehimeng Aquino na maka-kalikasan. Pakitang-tao lamang ang iniutos nitong "total log ban" noong 2011. Sa katunayan, hindi kinansela ang mga pahintulot sa pagtotroso sa libu-libong ektaryang kagubatan, at patuloy ang pandarambong ng mga kumpanya sa pagmimina.




Ang pangangalaga at muling pagbuhay sa kalikasan ay kabilang sa programa para sa demokratikong rebolusyong bayan. Kinikilala maging ng mga organisasyong makakalikasan na nakapananatili ang mga kagubatan kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan.

Sa mga lugar na nakapangyayari ang rebolusyonaryong lakas, ipinatutupad ang mga patakarang pagbabawal sa malakihan at mapaminsalang pagmimina at komersyal na pagtotroso. Ipinatutupad rin ang mga programa para sa muling pagbuhay ng mga kagubatan gamit ang katutubong mga puno't halaman.

Sa pangangasiwa ng mga rebolusyonaryong awtoridad, binabalanse ang pangangalaga sa kalikasan at paggamit ng mga kagubatan para sa pagtatanim o paggamit ng kahoy para sa di komersyal na pangangailangan ng mga pamilya at komunidad. Kalahok ang mga organisasyong masa, tinutukoy ang mga gubat na pwedeng kunan ng kahoy o taniman, at yaong dapat ipreserba. AB

## Buhos-pondo para sa 4Ps sa 2016

PINAGTIBAY nitong Disyembre ang pinakamalaking badyet na P62.67 bilyon para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (o 4Ps) sa ilalim ng P3-trilyong badyet ng Pilipinas para sa 2016.

Ang 4Ps ay programang dinisenyo at itinutulak ng World Bank at tinutustusan pangunahin ng utang mula sa Asian Development Bank. Umabot na sa P300 bilyon ang inilaan sa 4Ps mula 2008. Mula 2010, umabot na sa P42.5 bilyon ang inutang ng rehimeng US-Aquino para sa programa. Nakatakda itong bayaran mula 2020.

Kasabay nito, nakahapag sa Kongreso ang panukalang gawing permanenteng programa ang 4Ps para awtomatikong paglalaanan ito ng pondo sa pambansang badyet. Malinaw ang tunguhin ng pagtutuluy-tuloy at ibayo pang pagpapasaklaw sa programa, sa kabila nang paulit-ulit itong napatunayang inutil, maanomalya at mapanlinlang.

Maaga pa lamang ay nabunyag na ang malawakang korapsyon sa pagpapatupad ng 4Ps. Noong Nobyembre 2011, may 171,947 pamilyang benepisyaryo (o 7.5% ng saklaw ng programa) ang tinanggal sa listahan matapos arbitraryong ideklarang hindi sila naghihirap.

Sa maraming lugar, ginagamit ito ng rehimeng Aquino at mga kapanalig nitong pulitiko para agawin ang balwarte ng mga katunggali sa lokal na antas. Binibigyang kapangyarihan ang mga kakampi nitong mga pulitikong may impluwensya sa pagpili at pag-apruba ng 4Ps para sa mga pamilyang nililigawan o kaya'y minamantini ang katapatan para maitayo o manatili ang makinaryang papakinabangan sa susunod na halalan.

Para palabasing malaki ang pondo, ginawang isahan ang pagbigay ng "subsidyo" sa mga benepisyaryo, kung kaya't ang tunay na maliit na P300 kada bata sa ilalim ng 4Ps ay umaabot sa tila malaking P3,000 kung kada dalawang buwan kukunin ng bawat pamilyang may tatlong anak na pumapasok sa elementarya. AB

# Mga krimen ng US sa Syria

Walang patumanggang gera laban sa mga sibilyan—ito ang tugon ng imperyalismong US at mga kaalyado nito sa Islamic State of Iraq and Syria (ISIS, kilala rin bilang ISIL, IS o Daesh) mula pa noong nakaraang taon.

Walang habas ang pambobomba at pangwawasak ng mga imprastrukturang sibilyan at ekstrahudisyal na pamamaslang na bumibiktima sa daan-daan libong mga sibilyan. Ang mga ito'y pawang krimen sa digma at pagyurak sa mga batas ng Geneva Conventions dahil sa idinudulot nitong pinsala sa mga sibilyan. Pangunahing target ng mga pambobomba ang Raqqa, syudad sa Syria, na sinasabing kabisera ng ISIS.

Ang gerang ito'y pinaigting ng US matapos ang teroristang mga pananalakay sa Paris, France at sa San Bernardino, California sa US sa nagdaang ilang linggo.

Sa kanyang talumpati noong Disyembre 14, pinagbantaan ni US President Barack Obama ang tinukoy nitong mga lider ng ISIS na "kayo ang susunod" at nangakong tutugisin sila "saanmang dako ng mundo."

Ipinagmalaki ni Obama ang kanyang "kill list," ang sikretong listahan ng pinaghihinalaang mga terorista na nakatakdang papatayin sa pamamagitan ng mga *drone* at *air strike.* Ang listahang ito ay arbitraryo at walang pahintulot mula sa kongreso, senado at mga korte ng US.

Ang ISIS ay isa sa mga grupong ginamit ng US para patalsikin ang mga "di-mapagkaibigang" rehimen sa Middle East. Inaarmasan ito ng Turkey, Saudi Arabia at United Arab Emirates, mga mahigpit na alyado ng US. Nakawala ito sa kontrol ng US at naghahasik ngayon ng lagim sa iba't ibang bahagi ng mundo.


Sa kanyang talumpati, ipinangalandakan ni Obama ang pagpatay kay Mohammed Emwazi, isang myembro ng ISIS mula sa United Kingdom na binansagang "Jihadi John." Si Emwazi ay napatay diumano sa serye ng mga *air strike* at pambobomba sa Raqqa noong Nobyembre 12.

Noong Nobyembre 13, nagpadala ang US ng dalawang eroplanong pandigma sa Libya para bombahin ang kinaroonan ni Abu Nabil, ang pinagsususpetsahan nitong lider ng ISIS sa bansa.

Mula Setyembre 2014, tuluytuloy ang pambobomba ng US sa sinasabi nitong mga balwarte ng ISIS sa ilalim ng "Operation Inherent Resolve." Sinimulan ang operasyon sa Iraq, sa kunwa'y pakiusap ng papet na estado rito, pero mabilis itong kumalat sa mga teritoryo ng Syria. Sa loob ng mahigit isang taon, halos 7,000 *air strike* ang inilunsad ng US—4,000 sa Iraq at halos 3,000 sa Syria.

Noong Nobyembre, gumastos ng $5.2 bilyon (o $11 milyon kada araw) ang US rito. Sa dami ng bala, bomba at misayl na ginamit dito, nauubusan na ng suplay ang mga Amerikanong eroplanong pandigma. Naglaan na ng $400 milyon ang kongreso ng US para sa pagpapagawa ng bagong mga bomba at misayl.

Sa panahong ito, mahigit 2,000 airstrike ang inilunsad ng mga kaalyadong bansa ng US, kabilang ang ganting-salakay ng France sa Raqqa noong Nobyembre 17. Nagdeklara ng "gera" ang prime minister ng France laban sa ISIS matapos sumiklab ang galit sa pang-aatake ng ISIS sa Paris.



Pero ayon sa mga residente ng Raqqa, ang tinarget ng France ay mga base na matagal nang nilisan ng ISIS, at sa gayon ay halos walang naging epekto sa mga pwersa nila. Pitong sibilyan ang napatay sa pambobomba, ayon sa isang lihim na grupo ng mga aktibista sa syudad. Tinamaan din ang mga linya sa kuryente na nagdulot ng dagdag na pahirap sa mga residente. Marami sa mga binombang pasilidad sa Raqqa na sinasabing "ginagamit ng ISIS" ay ginagamit din ng mga sibilyan, tulad ng mga tulay at daan. Masahol pa rito ang tinamaan ng mga "ligaw" na bomba o mga "disadyang" target tulad ng mga ospital, museo at palaruan. Naiulat rin ang pagkawasak ng mga kabahayan na malapit sa orihinal na target ng mga air strike.

Lumilitaw na, higit sa ISIS, ang target ng mga pambobomba ng US sa Syria ay ang gubyerno ni Bashar al-Assad, isang di-natitinag na lider na anti-US at alyado ng Russia. Noong Disyembre 8, naiulat na tinamaan ng US ang isang kampong militar ng Syria sa isang pambobomba. Apat na sundalong Syrian ang napatay. Noong Nobyembre 23 naman, kinumpirma ni Obama ang pagpapadala sa bansa ng dagdag na espesyal na mga tropa mula sa Joint Special Operations Command (JSOC) para organisahin at sanayin ang diumano'y mga Islamikong grupong kunwa'y *moderate* (sinasabing hindi "radikal") laban diumano sa ISIS. Ang mga grupong ito ay unang inorganisa, inarmasan at pinopondohan ng US para ibagsak si al-Assad.

Tuluy-tuloy ang pagtaas ng bilang ng mga sibilyang kaswalti. Ayon sa Air-

wars, isang grupo ng independyenteng mga mamamahayag na naka-base sa United Kingdom, may 757 hanggang 1,073 sibilyan ang napapatay sa mga pambobomba sa Syria at Iraq sa nagdaang taon. Mas mataas pa ang bilang na ito kung isasali ang mga insidenteng hindi makumpirma dulot ng kawalan ng independyenteng mga ulat.

Buu-buong pamilya ang napapatay sa mga pambobomba ng US na pinalalabas na nakatuon sa pinaghihinalaang mga pagawaan o imbakan ng mga armas, detatsment at mga upisina ng ISIS. Inaamin mismo ng US ang "maluwag" na patakaran nito sa presensya ng mga sibilyan sa loob o kalapit ng mga tinatarget nitong pasilidad o sasakyan. Sa ngayon, dalawa lamang sa mga insidente ang inamin ng US.

Nagdudulot ng matinding ligalig sa mga sibilyan ang tuluy-tuloy na pambobomba. Nagbunsod ito ng malawakang ebakwasyon na naglu-wal sa isa sa pinakamatinding *refugee crisis* sa Europe at kalapit na mga bansa sa Middle East. Mula 2011, mahigit kalahati na ng populasyon ng Syria ay lumikas sa kanilang mga komunidad. Nasa 4.1 milyon ang lumabas sa Syria habang 7.6 milyon ang nanatili sa loob ng bansa.

Nitong 2015, nagmula sa Syria ang kalahati sa halos isang milyong *refugee* na tumawid sa Mediterranean Sea (dagat sa pagitan ng Asia, Africa at Europe) para sikretong pumasok sa Europe. Mahigit 3,600 sa kanila ay namatay o nawala sa dagat.

**Pagpaypay sa sentimyentong kontra-Islam**

Habang nananalasa ang terorismo ng ISIS, nagagamit ito ng US para paypayan ang sentimyentong kontra-Islam at bigyang-katwiran ang agresyong militar nito sa Syria.

Sa loob ng US, ginagamit ng mga lider nito ang tumitinding diskriminasyon laban sa mga Muslim para bigyang-katwiran ang mga krimen nito sa digma at manawagan ng mas matitindi pang krimen laban sa mamamayan ng Syria.

Kabilang dito ang *carpet bombing* ng buu-buong syudad, pinaigting na sarbeylans, pagsasara ng mga daluyan ng balita at maging pagpatay sa mga pamilya ng mga pinaghihinalaang terorista para "higpitan" sila. Ang mga ito ay mga hakbang na naipatutupad na ngayon sa isang antas.

Sa US at Europe, malakas ang panawagang tanggihang makapasok ang mga *refugee* mula sa mga bansa sa Middle East dahil lamang sa kanilang lahi at relihiyon. AB

## Rali laban sa WTO, inilunsad

NAGLUNSAD ng rali ang Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa harap ng Department of Agriculture sa Quezon City noong Disyembre 15 para kundenahin ang nagtataasang presyo ng bigas at iba pang produktong pagkain. Itinaon nila ang kanilang rali sa ika-10 pagpupulong ng mga ministro ng World Trade Organization (WTO) na ginaganap noon sa Nairobi, Kenya. Ayon sa KMP, pangunahing salarin ang mga patakarang liberalisasyon ng WTO sa nagtataasang presyo ng bigas at iba pang mga produktong pagkain.

Mula nang maging myembro ang Pilipinas sa WTO noong 1994, tumaas na ang presyo ng bigas nang mahigit 300%. Ang dating P12,180 kada metriko toneladang bigas noong dekada 1990 ay nasa P39,670 na ngayon. Gayundin, ang todo-todong liberalisasyon sa agrikultura ay nagbukas sa sektor sa walang sagkang pag-aangkat ng bigas. Mula 2007 hanggang 2014 pa lamang, tumaas mula 1.8 tungong 2.9 metriko tonelada ang inaangkat na bigas ng bansa, taliwas sa programa ng "rice self-sufficiency" ng rehimeng US-Aquino. Nagdulot ito ng pagbagsak ng presyo ng lokal na palay nang hanggang P14/kilo.

Masahol pa, nagbunsod ng malawakang pang-aagaw at pagpapalit-gamit ng lupa at sobrang pagsandig sa inangkat na mga produktong pagkain ang patakarang liberalisasyon. Lalo itong titindi sa harap ng panibagong tulak para buhayin ang mga pinagkasunduan sa WTO. Mayor na adyenda ng ika-10 pagpupulong ng mga ministro ang pagtatanggal ng mga subsidyo sa mga iniluluwas na produkto na napagkasunduan noon pang 2005. Tumirik ang implementasyon nito dahil sa pagtanggi ng US at iba pang kapitalistang bansa na ipatupad ito.

## Mga residente ng Muntinlupa, nagprotesta laban sa demolisyon

NAGRALI noong Disyembre 14 ang mga residente ng Muntinlupa, sa ilalim ng Alyansa ng Nagkakaisang Maralita ng Muntinlupa, sa harap ng munisipyo ng syudad para iparating ang kanilang pagtutol sa napipintong demolisyon ng kanilang mga komunidad sa ilalim ng "Oplan Likas" o "Estero Declaration." Ang Estero Declaration, na naglalayon diumanong linisin ang mga daluyan ng baha sa Metro Manila, ay magpapalayas nang mahigit 100,000 pamilya sa 16 syudad. Sa Muntinlupa, aabot sa 3,000 pamilya sa apat na barangay ang maaapektuhan.

Ginagamit ng lokal na pamahalaan ng Muntinlupa ang Estero Declaration para bigyang-daan ang Road Dike Reclamation at Laguna Lakeshore Expressway Dike Project, mga proyektong nakapailalim sa programang Public-Private Partnership ng rehimeng US-Aquino. Palalayasin ng mga proyektong ito ang 3.9 milyong residente sa paligid ng lawa. Sa Muntinlupa, aabot sa 20,000 pamilya ang mawawalan ng tirahan at kabuhayan.

Binatikos din ng mga raliyista ang relokasyon ng lokal na gubyerno sa Southville 3 dahil sa kawalan ng mga trabaho at pasilidad sa lugar. Dahil sa kawalan ng hanapbuhay, hindi nakayanan ng marami sa mga lumipat ang upa sa mga bahay. Sa ngayon, mahigit 1,000 pamilya ang nanganganib mapalayas dahil hindi sila makapagbayad ng upa.